

Buong Teksto

SI LUCIO SAN PEDRO AT ANG MAKULAY NIYANG MUSIKA

Ayon sa kuwento, pag-ibig ang nag bibigay kauhulugan sa bawat nalilikhang sining. Halina at ating alamin natin ang kuwento ng isa sa ating mga Pambansang Alagad ng Sining ng Pilipinas para sa Musica, si Lucio San Pedro.

Si Lucio San Pedro at ang Makulay Niyang Musika ay parte ng Ang Mga Kuwento ng Makabagong Bayani, serye ng mga kuwento patungkol sa buhay ng mga dakila't mararangal na Pilipino. Handog sa inyo ng Arete at Ateneo de Manila Basic Education sa tulong ng The Bookmark, Inc. at Role Players Inc. Original na isinulat sa Ingles ni Miguel Louis Morales at salin sa Filipino ni Sumita V. Telan at babasahin ni John Dave C. Andrada.

Gusto ni Luciong bumalik sa lawa. Dapat pala nakinig ako sa kaniya noong sinabi niyang magdala ako ng kambas at isa sa mga gutay-gutay kong pinsel, kay ganda sanang ipinta ng panghapong tanawin doon.

Nasa bayan namin ng Angono, Rizal lahat ng mga maaliwalas at walang-bahid na tanawin ng probinsya. Kunot-noong sumulyap si Lucio sa kahel na kalangitan, pagkatapos ay sa lawa. Naisip kong baka sinusubok din niyang lumikha ng sariling larawan ng kumikinang na katubigan.

Tulad ko, pintor din si Lucio, ngunit hindi yaong gumagamit ng kambas at sira-sirang pinsel. Nagpipinta siya para sa tenga, hindi para sa mata. Lumikha siya ng musikang kasing kulay ng kahit anong aking ipininta. Namangha ako sa kaniyang kakayanan, ngunit hindi ko matukoy kung bakit siya ganoon kahusay.

Nagdilim na ang kalangitan at nagpakita na ang buwan. Tumayo si Lucio, dala-dala ang kaniyang piyesa ng musika. Mukha siyang nabigo habang naglalakad kami pabalik sa damuhan, kaya naman tinanong ko siya kung ano'ng bumabagabag sa kaniya. Ginusto niya palang makakuha ng inspirasyon sa kalikasan. Ngumiti siyang may lumbay at sinabing, “Diyata't hindi ako makapag sulat ng liriko para sa awiting ilalahok ko sana sa isang patimpalak. Nais kong sumulat ng kantang makapagpapaalala sa mga tao ng mahalagang bagay sa kanilang buhay, ngunit hindi ko matukoy kung ano ang bagay na iyon.”

Magiliw kaming naglakad tungo sa kanilang tahanan kung saan naghihintay sa pintuan ang kaniyang ina, si Aling Soledad. Inimbitahan ako ni Aling Soledad na maghapunan kasama nila. Tumanggi ako dahil hindi naman ako nagugutom ngunit nagpumilit siya. Kaya naman paborito ko ang aking tiyahin.

Mula nang araw na iyon, palagi na kaming nagbabahagian ni Lucio ng aming mga likhang-sining: nakikinig ako sa kaniyang musika at tinitingnan naman niya ang aking mga kuwadro.

Makalipas ang ilang taon, nagtungo ako sa kanilang tahanan upang imbitahan siyang bisitahin muli ang lawa. Ngunit pagdating ko roon, binati ako ni Lucio nang naka-itim na amerikana. Saka ko lang naalalang paalis na siya patungong New York upang ipagpatuloy ang kaniyang pag-aaral ng musika sa prestihiyosong Juilliard School.

Nag-usap kami habang nanananghalian. Bakas kay Aling Soledad ang lungkot dahil sa papalapit na pag-alis ni Lucio. Di nagtagal, nagpaalam na rin ako at ang kaniyang pamilya sa kaniya.

Isang hapon, ilang buwan matapos umalis ni Lucio patungong Amerika, nakatanggap ako ng liham mula sa kaniya:

“Uy, pinsang Botong!

Na-miss kita. Kumusta ang buhay sa Angono? Kung anuman, hindi na ako magpapaligoy-ligoy pa. Naaalala mo ba yung kantang isinulat ko na hindi ko maisip ang liriko noong nasa lawa tayo ilang taon na’ng nakalipas?

Hindi na nga ako nakasali sa patimpalak na iyon, ngunit ngayon, alam ko na kung ano ang paksang nababagay sa melodiya ng awitin - patungkol dapat ito sa pagmamahal ng isang ina.

Sandali na lang at uuwi na ako. Magkita tayo pagdating ko!

-Lucio”

Nasabik akong marinig muli ang musika niya matapos ang isang taon niyang pagkawalay.

Ilang linggo ang nakalipas at umuwi na rin si Lucio. Dumalo ako sa kaniyang bienvenida, isang pagtitipon para sa mga bagong dating. Naghanda ng piyesta si Aling Soledad para sa minamahal na anak. Gustong marinig ng lahat ang kuwento ng mga abentura niya sa Big Apple.

Noon naupo si Lucio sa harap ng piyano at natahimik ang lahat. Sinabi niyang nakakilala siya ng isang musikerong nagngangalang Levi Celerio sa barko mula sa Amerika.

Tinugtog ni Lucio ang kaniyang komposisyon kay Levi na nagsulat ng liriko para rito bago sila dumaong sa Maynila. Sa wakas, nabuo na ang awit. Nananabik na tinugtog at kinanta ni Lucio ang pinakahihintay na awiting pinamagatang “Sa Ugoy ng Duyan”.

Habang tinutugtog ni Lucio ang mga unang barra, nakaramdam ako ng banayad na init sa aking kalooban. Nagkaisa ang musika at titik at naging maringal at nakapapayapang oyayi.

Sabi noon sa akin ni Lucio sa lawa na ang awitin ay dapat makapag pakita sa mga tao ng mahalagang bagay sa kanilang buhay. Noo’y hindi siya bumigay sa tuksong pilitin ang mga salitang pumasok sa musika para lang makasali sa patimpalak. Naghintay siya ng maraming taon hanggang sa matagpuan niya ang pinakaperpektong mga salitang babagay sa nagawa niyang melodiya.

Umawit si Lucio tungkol sa isang batang nangungulila sa kaniyang ina. Nakita ko si Aling Soledad na lumuluha sa parangal na itong para sa kaniya at sa lahat ng mga ina.

Nang matapos siya, naghiyawan ang lahat sabay palakpak. Niyakap ni Aling Soledad si Lucio at narinig kong sinabi nito sa kaniya, ”Salamat, anak. Mahal kita.”

Habang naglalakad akong pauwi mula sa pagdiriwang ni Lucio, paulit-ulit na tumugtog ang awit niya sa aking isipan. Nalaman ko na sa wakas kung ano ang pinagkaiba ni Lucio sa iba pang kompositor, kung paano siya nakapipinta ng pinakamakukulay na larawan gamit ang kaniyang musika. Tunay niyang nabigyang-kahulugan ang kaniyang musika at naapektuhan ang ibang tao sa pamamagitan nito dahil nagpahayag siya ng pagmamahal sa kaniyang obra -- pagmamahal sa magulang, pagmamahal sa sinilangan, pagmamahal sa bansa.

At naniniwala akong ang pag-ibig ang nagbibigay-kulay sa sining.

Pinagkubanan: Si Lucio San Pedro at Ang Makulay Niyang Musika. Salin sa Filipino ni Sumita V. Telan. Lucio San Pedro and His Colorful Music. Miguel Louis Morales. The Bookmark, Inc. 2015.

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

Sa Ingles

The Monkey and the Turtle
Sun and Moon
Sagacious Marcela
The Story of our Fingers
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck
The Lost Necklace
Why Cocks have Combs on their Head
The Light of The Fly
The Snail and The Deer
Why Dogs Wag Their Tails

Mga Kuwentong Pampasko:

The Poor Man who Became King
The Sultan with a Heart of Stone
Buking si Santa
Istattriray: Ang Bituing may Buntot
Alamat ng Puto-Bumbong
Felice, Noel, and the Christmas Day Disaster

Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes (Anvil Publishing)

Ang Pitong Tanga
Rosamistica
Ang Mahiwagang Biyulin
Ang Binibining Tumalo sa Hari
Labindalawang Masasayang Prinsesa

Ang Mga Kuwento ng Makabagong Bayani/ Modern Hero Stories (The Bookmark, Inc.)

Edjop: Isang Anak ng Sigwa
Lub-dub, lub-dub (Fil.)
Made Perfect in Weakness
The Public's Servant
Si Lucio San Pedro at ang Makulay Niyang
Musika

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

Sa Filipino

Ang Pagong at ang Matsing
Ang mga Paglalakbay ni Juan
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si
Maganda)
Ang Unang Unggoy
Ang Alamat ng Palay
Ang Pinagmulan ng Lamok
Kung Paano Yumaman si Jackyo
Ang Anting-anting ni Manuelito
Ang Gamugamo at Ang Liwanag
Kung Bakit Gusto ng Bagobo ang Pusa

Adarna House:

Bakit Matagal ang Sundo ko?
Why is Mommy Late?
Asul na Araw
Blue Day
Ano'ng Gupit Natin Ngayon?
How would you like your haircut today?
Sampung Magkakaibigan
Ten Friends
Ang Pambihirang Sombrero
The Amazing Hat

Tabanan Books

*Ang Babaeng Nabulog Mula sa Langit at Iba Pang
Kuwentong-bayan*
Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo
*The Termite Queen and other Classic Philippine Earth
Tales*
Volcano of Love and Death

PAGKILALA

Areté

Ma. Mercedes Rodrigo Ricardo Abad	<i>Executive Producers</i>
D Cortezano	<i>Producer</i>
John Robert Yam	<i>Overall Sound Designer</i>
Harold André Santos	<i>Theme Music Composer</i>
Nilo Beriarmente	<i>Episode Sound Designer</i>
John Robert Yam Nilo Beriarmente	<i>Sound Engineers</i>
Ivy Baggao	<i>Talent Coordinator and Production Associate</i>
Jethro Nibaten Adrienne Ungriano Rey Sotto Duane Ligot Ralph Joseph Adarlo Carlos Hombrebueno	<i>Sound Design and Technical Team</i>
Vannessa Reventar	<i>Logistical Support</i>
Ross Du	<i>Illustrator</i>
Arielle Acosta Lazir Caluya	<i>Brand Developers</i>
Dreamlist Digital	<i>Web developers</i>

Ateneo de Manila Basic Education

Fr. Joaquin Jose Mari C. Sumpaico III SJ	<i>Vice President for Basic Education</i>
--	---

Ateneo Grade School

Jervy M. Robles	<i>Headmaster</i>
-----------------	-------------------

Ateneo Junior High School

Jose Antonio P. Salvador	<i>Principal</i>
Genalyn S. Sanvictores	<i>Assistant Principal for Academic Affairs</i>
Paolo Ven B. Paculan	<i>Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino</i>
Christian Hereson R. Sandoval Jeremiah Ciarra D. Flores	<i>Filipino Teachers - Translators</i>
Jonnel Inojosa	<i>Associate Teacher, Filipino</i>
Kristine Ann P. Valdellon	<i>Master Teacher, Subject Area Coordinator, English</i>

Ateneo Senior High School

Ma. Victoria P. Dimalanta	<i>Principal</i>
Luis Allan B. Melosantos	<i>Assistant Principal for Academic Affairs</i>